

Narinig mo na ba  
ang tungkol kay  
Hesus?

Ni Ruth Dickson

Ilustrasyon ni  
Rachel Saint-  
Clair

Isinalin ni Dennis  
Relajo



Gihon Publishing Limited  
Hertfordshire, United Kingdom

Ruth Dickson 2015  
info@gihonbooks.com  
www.gihonbooks.com

Illustrated by: Rachel Saint-Clair  
Translated by: Dennis Rejolo  
Designed by: Jake Ball

Copyright © 2015 Ruth Dickson  
All rights reserved. This book or any portion thereof  
may not be reproduced or used in any manner whatsoever  
without the express written permission of the publisher  
except for the use of brief quotations in a book review.

Second Edition 2015

ISBN No 978-0-9932071-5-0



"Narinig mo na ba ang  
tungkol kay Hesus?"  
"Narinig mo na ba ang  
tungkol kay Hesusa?"

Si Bella ay kumakanta habang naglalakad sa daan sa tabi ng lawa sa Austria.

Sumigaw siya sa kanyang malakas na boses, doon sa mga bahay na malapit sa mga puno.

Pinulot niya ang isang kulay pula at kulay kahel na bulaklak.

Napakaganda ng bulaklak na ito. Kakulay ng kanyang suot na jumper.

“Ang Diyos ay maganda at nilikhang Niyang maganda ang lahat ng mga bagay,” ang sabi ni Bella.



"Narinig mo na ba ang tungkol  
kay Hesus?"

"Narinig mo na ba ang tungkol  
kay Hesus?"





Kinanta ni Bella ang  
kanyang paboritong kanta  
habang naglalakad sa  
lansangan ng London.

Sa kanyang paglalakad nakilala  
niya ang isang batang babae na  
ang pangalan ay Emily.



“Bakit ka masaya?” tanong ni Emily kay Bella.

"Ako ay masaya dahil kay Hesukristo. Araw-araw kong binabasa ang tungkol sa Kanya mula sa aking Bibliya ." ang sagot ni Bella.

"Narinig mo na ba ang tungkol  
kay Hesus?"

"Narinig mo na ba ang tungkol  
kay Hesus?"



Sumigaw si Bella sa isang batang lalaki na ginagabayan ang elepante sa India.

“Narining mo na ba ang tungkol kay Hesus?” ang tanong ni Bella.

“Gusto kong maging kaibigan si Hesus. Bakit ka kumakanta ng tungkol sa Kanya?” ang tanong ni Sanjay.



“Kumakanta ako ng tungkol sa Kanya dahil mahal ni Hesus ang mgahayop. Iyo ba ang elepanteng iyan?” tanong ni Bella.

“Oo, akin nga.” ang sagot naman ni Sanjay.

“Ang Hesus na akingkinakanta ay isinilang sa sabsaban.” dagdag pa ni Bella.

“Narining mo na ba ang tungkol  
kay Hesus?”

“Narining mo na ba ang tungkol  
kay Hesus?”





Si Bella at Sanjay ay kumakanta ng paboritong kanta ni Bellasa may lansangan ng isang bayan sa China.

“Bakit ka kumakanta?” ang tanong ni Yunxuan.

Suot niya ang isang magarang pulang bestida. Siya ay patungo sa paaralan sa bayan upang dumalo ng taunang selebrasyon.



“Kami ay kumakanta dahil nabasa namin ang tungkol kay Hesus.” ang sabay na sabi nina Bella at Sanjay.

“Nang si Hesus ay tumira sa mundo, Kanyang ginamot ang bulag upang makakita at Kanyangpinalakad ang lumpo. Ngayon, tayo ay kumanta tungkolsa Kanyang kabutihan araw-araw.” ang sabi nina Bella at Sanjay.

“Narining mo na baang tungkol  
kay Hesus?”  
“Narining mo na baang tungkol  
kay Hesus?”



“Ano ang hawak mo?” ang tanong nina Adedimeji sa Africa.

“Ito ay Bibliya.” ang sagot ni Yunxuan.

“Tungkol saan iyan?” ang usisa ni Adedimeji.

Si Adedimeji ay nakasuot ng matingskad na dilaw at kulaylilang shirt na lalo pang pinatingkad ng araw sa Africa.




“Ito ay tungkol kay Hesus.” ang dagdag pa ni Sanjay.

Maraming itinuro si Bella sa akin tungkol kay Hesus. Siya ay lumakad sa ibabaw ng dagat at Kanyang pinatigil ang malakas na bagyo.” sabi ni Sanjay.

“Gumawa ng maraming milagro si Hesus at gusto namingmabasa ang tungkol sa Kanya.” ang sabi pa nina Bella, Sanjay at Yunxuan.

“Narining mo na baang tungkol  
kay Hesus?”

“Narining mo na baang tungkol  
kay Hesus?”





Sumayaw at nagpaikut-ikot  
sina Bella, Sanjay, Yunxuan  
at Adedimeji sa lansangan ng  
Brazil.

“Bakit kayo sumasayaw at  
nagpapaikut-ikot?” ang  
sigaw ni Estefani.



“Kami ay sumasayaw at nagpapaikut-ikot dahil ang sabi ni Hesus, ‘Hayaan ninyong lumapit sa Akin ang mga bata.’”

Mahilig sumayaw si Estefani kung kay tinanong niya ang mga bata kung maari ba siyang sumali.

“Pwede rin ba akong lumapit kay Hesus?” ang tanong ni Estefani.

“Oo naman!” ang tugon nina Bella Sanjay, Yunxuan at Adedimeji.

“Narinig mo na baang tungkol kay  
Hesus?”

“Narinig mo na baang tungkol kay  
Hesus?”



Sina Bella, Sanjay, Adedimeji at Estefani ay nagmamartsa sa mga burol ng Scotland habang kinakanta ang paboritong kanta ni Bella.

Inihipan ni Estefani ang pipo habang sila ay namamartsa. Habang sila ay nagmamartsa, kanilang nakasalubong ang isang batang lalaki na ang pangalan ay Dickson.



“Bakit kayo nagmamartsa?  
tanong ni Dickson.


“Kami ay nagmamartsa dahil  
sinabi ni Hesus sa kanyang mga  
alagad na sila ay dapat na  
tumulad sa mga bata.”

“Maari ko bang malaman ang  
tungkol kay Hesus?” ang tanong  
ni Dickson.

“Oo naman! Halina at sumali  
ka sa amin.” ang sabi ng mga  
bata.

“Narinig mo na ba ang tungkol  
kay Hesus?”

“Narinig mo na ba ang tungkol  
kay Hesus?”





Itinaas nina Bella, Estefani at Yunxuan ang kanilang mga kamay habang sila ay naglalakad patungo sa mga bayan ng Russia.

“Saan kayo papunta?” ang tanong ni Polina kay Adedimeji.

“Kami ay papunta sa mga bayan upang ikwento ang tungkol kay Hesus.”



“Sino si Hesus?” ang tanong ni Polina.


“Si Hesus ay Anak ng Diyos, siya ay namatay sa krus para sa lahat ng nilikha.” ang sabi ni Adedimeji.

“Gusto kong marinig ang kwento tungkol dito, saan ko ito mababasa?” ang tanong ni Polina.

“Halina na at sumama ka sa amin at aming sasabihin sa iyo ang tungkol dito.” ang sabi ni Adedimeji.

“Narinig mo na ba ang tungkol  
kay Hesus?”

“Narinig mo na ba ang tungkol  
kay Hesus?”



Sina Polina, Yunxua at Estefani ay kumakanta ng paboritong kanta ni Bella habang sila ay lumalangoy sa Greece.

“Makikipaglaro ka ba ng beach ball sa akin?” aya ni Alex kay Sanjay. May dalang beach ball si Alex at siya ay naghahanap ng makakalaro.

Gusto kong sabihin sa mga tao dito sa beach ang tungkol kay Hesukristo” ang sabi ni Sanjay.





“Sino si Hesus?” ang usisa ni Alex. “Gusto ba niyang maglaro ng beach ball?”

Hesus ay isang kaibigan. Maski na hindi mo Siya nakikita, Siya ay parating nasa tabi natin.” paliwanag ni Sanjay.



“Pwede ko ba Siyang kausapin sa tuwing wala akong mahanap na makakalaro ng beach ball?”

“Oo, kapag ikaw ay dumalangin sa Kanya.” ang sabi ni Sanjay.

“Maari ko bang matutunan kung paano magdasal kay Hesus?” ang tanong ni Alex.

“Oo naman.” ang sabi ni Sanjay.  
“Sumama ka sa amin at aming ituturo sa iyo kung papaano.”

“Narinig mo na ba ang tungkol  
kay Hesus?”

“Narinig mo na ba ang tungkol  
kay Hesus?”



Kinausap ni Yunxuan ang isang batang babae na ang pangalan ay Amina. Siya ay nakasuot na pulang shawl at mayroong siyang mga malalaking mata.

“Gusto ko ng kulay pula. Kay ganda naman ng iyong suot na shawl.” ang sabi ni Yunxuan.

“Salamat, ito ay galing sa aking Lola.” wika ni Amina.

“Minsan nabanggit niya sa akin ang tungkol kay Hesus, at ang sabi pa ni Lola Si Hesus ay isa propeta.”



“Si Hesus ay Anak ng Diyos.”  
sabi Yunxuan. “Siya ay namatay  
sa krus upang tayo ay iligtas  
dahil dito kapag tayo ay  
nanalangin sa Diyos, kanya  
dinirinig ang ating mga  
panalangin.”

“Totoo bang Anak ng Diyos si  
Hesus?” ang tanong ni Amina.

“Oo.” ang sabi ni Yunxuan.

“Gusto kong malaman pa ang  
tungkol kay Hesus.” sabi ni  
Amina. “Maari mo bang ituro  
ang tungkol sa Kanya?”

“Oo naman.” sagot ni Yunxuan.

“Narinig mo na ba ang tungkol  
kay Hesus?”

“Narinig mo na ba ang tungkol  
kay Hesus?”



Sina Bella at Dickson ay nangangabayo sa disyerto ng Amerika.

“Kumusta” bati ng isang estranghero na nakasakay sa kabayo.

“Mukhang init na init kayo. Gusto ba ninyo ng maiinom?”





“Sige” sabi ni Bella at Dickson.

“Naiinitan nga kami, napakabuti mo.”

Si Dickson ay tumugtog gamit ang kanyan banjo.

Si Bella ay nagsimulang kumanta.

“Narinig mo na ba ang tungkol  
kay Hesus?”

“Narinig mo na ba ang tungkol  
kay Hesus?”



“Alam mo bang maaring kang bigyan ng tubig ni Hesus at ikaw ay hindi na muling mauuhaw?”

“Saan ako makakakuha ng tubig na ito.” ang tanong ng estranghero.

Ipinakita ni Bella ang Bibliya sa lalaki sabay sabing, “sumunod ka sa Akin at ikaw ay hindi na mauuhaw muli.”

Si Alex ay naglalakad kasama sina Amina at Sanjay sa beach ng Hawaii.

Nakilala nila ang isang batang babae na taga-Hawaii na ang pangalan ay Happy. Siya ay may koronang bulaklak sa kanyang ulo. Mayroon din siyang magandang mga bulaklak na nakakwintas sa kanyang leeg.





“Narinig mo na ba ang tungkol kay Hesus?” ang tanong ni Alex kay Happy.

“Hindi pa.” sabi ni Happy.

“Si Hesus ay nagdadala ng ligaya sa maraming tao. Siya ang ligaya ng lahat ng bayan.” Sabi ni Alex.

“Gusto kong makilala si Hesus.” sabi ni Happy. “Siya ba ay nasa Hawaii?”

“Oo” sagot ni alex. “Siya ay makikita sa lahat ng kwento sa Bibliya. Siya ay buhav!”



“Narinig mo na ba ang tungkol  
kay Hesus?”

“Narinig mo na ba ang tungkol  
kay Hesus?”






Pagpasok ni Estefani sa klase  
siya ay kumanta ng papuri.  
Kinanta niya ang kanta ni  
Bella:

“Narinig mo na ba ang tungkol  
kay Hesus?” “Narinig mo na ba  
ang tungkol kay Hesus?”

“Sino ka?” ang sambit  
ng guro.



“Ako si Estefani at mayroon akong dalang mabuting balita.” ang sabi niya.

“Gusto ko itong marining.” sabi ng isang batang lalaki na ang pangalan ay David.

Siya ay tumayo at nakipagkilala kay Estefani. “Marami ako kuwentong narinig tungkol kay Hesus.” “Si Hesus ay minsang tumira sa Israel. Siya ay ipinanganak sa Bethlehem, isang bayan na hindi kalayuan mula dito.” paliwanag ni David.

“Gusto mo bang ialay ang buhay mo kay Hesus?” tanong ni Estefani.

“Oo, gusto ko.” sagot ni David.

“Manalangin tayo” aya ni Estefani.



Mahal naming Hesus, ngayon ay  
aming inaalay ang aming mga  
buhay. Dahil sa Iyong pag-ibig  
Ikaw ay namatay sa krus.  
Patawarin Mo po kami sa  
anumang aming nagawa upang  
Ikaw ay magalit. Tinatanggap  
Ka po namin ngayon sa aming  
mga puso. Pagpalain Mo po  
kami at parati N'yo po  
kaming gagabayan.

“Narinig mo na ba ang tungkol kay Hesus?”



Si Ruth Dickson ay kumatha ng mga Kkuwentong Kristiyano upang humikayat ng mas malalim na pag-unawa sa mensahe ng ebanghelyo. Ito ay nakatutulong din sa mga bata upang matutuhan ang mga asal gaya ng pag-ibig, kabutihan, pakikiramay, pagiging matapat, pagbibigayan, pagiging pasensyoso, at marami pang iba. Ang pakikinig sa mga bata habang sila ay nagbabasa ay nagbibigay din ng magandang oras para sa lahat: sa mga bata, sa mga guro, sa mga magulang, at maging sa mga tagapag-alaga.





Para sa iba pang mga libro ni Ruth  
Dickson mangyaring bisitahin ang:

[www.gihonbooks.com](http://www.gihonbooks.com)

[info@gihonbooks.com](mailto:info@gihonbooks.com)

Gihon Publishing, Hertfordshire,  
UK.

